REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 74

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN NA GUMAWA NG "LETTER OF INTENT" PARA SA NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION PARA SA BAYAN NG MUNTINLUPA UPANG MAGING PANIMULANG INSTITUSYON (ORIGINATING INSTITUTION) AYON SA NHMFC CIRCULAR NO. ULP-104, PETSA AGOSTO 18, 1988 AT KUMUHA NG ISANG SANGGUNIAN (CONSULTANT) PARA SA BAGAY NA ITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sang-ayon sa NHMFC Circular No. ULP-104, 1988, ang National Home Mortgage Finance Corporation ay inilunsad ang "Community Mortgage Program" na naglalayon na tulungan ang mga naninirahan sa hikahos at maralitang lugar na panimulang ariin ang mga lupang kanilang tinitirikan at sa bandang huli o sa katapusan ay tatayuan ng maayos na pamahayan na nakapaloob sa konseptong pagtutustos sa mababang-halagang pabahay pagkatapos mabayaran ang kaukulang halaga sa mga nagmamay-ari ng lupa;

SAPAGKAT, ang programang isinaad sa itaas ay malayo ang mapupuntahan sa pagtataas ng antas ng pamumuhay ng mga hikahos at hirap na mamamayan ng bayan na walang kapalit na kabayaran na hihingin sa kanila;

SAPAGKAT, bilang Panimulang Institusyon, ang bayang ito ay mapipilitan na gawin ang lahat ng serbisyo sa pagpapaunlad na proyekto at pamamahala at saka ang panimulang pahiram para sa mga samahan/kooperatiba ng mga nangungupahan/iskuwater at indibiduwal na mamimili/tagapagmana; at sa layuning ito, ang pamahalaang bayan ay mangangailangan ng kagalingan ng mga propesyonal na kompanya sa proyektong pagpapaunlad at pamamahala;

SAPAGKAT, ang "Community Mortgage Program" ay pinapayagan ang mga yunit ng pamahalaang lokal bilang panimulang institusyon na upahan ang serbisyo ng kompanya sa proyektong pagpapaunlad at pangangasiwa/pamamahala na bigyan ang pamahalaang bayan ng mga kailangang tulong na propesyonal at pagsasanggunian sa pagpapatupad at pagpapatuloy ng pagkuha ng lupa at proyektong panlipunang pabahay, at ang serbisyo ng propesyonal ay kailangan ng pamahalaang bayan ng walang hihilinging kapalit sa pamamagitan ng pagkakaroon lamang ng pagsasanggunian at ang halagang dapat bayaran ng pamahalaang bayan ay bilang panimulang bayad sa National Home Mortgage Finance Corporation;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na:

1. Bigyan ng karapatan ang Kgg. Punongbayan Ignacio R. Bunye na magharap ng sulat-hangarin sa National Home Mortgage Finance Corporation para sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila at bigyan ng kapangyarihan bilang Panimulang Institusyon alinsunod sa NHMFC Circular No. ULP-104, petsa 18 Agosto 1988, na higit na kilala sa tawag na "Community Mortgage Program", at

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



2. Bigyan ng karapatan ang Kgg. na Punongbayan Ignacio R. Bunye na upahan ang serbisyo ng isang kompanya sa proyektong pagpapaunlad at pamamahala na magbibigay sa pamahalaang bayan ng kaukulang serbisyong propesyonal at sanggunian bilang panimulang institusyon para sa lahat ng proyekto nito sa ilalim ng "Community Mortgage Program"; at sa pamamagitan ng layuning ito, na lumagda at pumasok sa isang kasunduan sa pagsasangguni sa anomang kompanya sa proyektong pagpapaunlad at pamamahala sa ilalim ng mga saligan at kondisyon na karapat-dapat tanggapin; SA KONDISYONG, ang panimulang bayad lamang sa ilalim ng "Community Mortgage Program" ang magsisilbing kabayaran sa serbisyong propesyonal ng sanggunian (consultant) na matatalaga sa pamahalaang bayan pagkatapos maisagawa ang kasunduan sa pagsasangguni.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-apatnapu't tatlong (43rd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-16 ng Enero, 1989.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

CARLO G. TENSUAN
Konsehal

ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

REY E. BULAY
Konsehal

ROMAN E. NIEFES
Konsehal

LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

NEMESIO O. MOZO
Konsehal

RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

ROGER C. SMITH
Konsehal

NOLASCO E. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan